


2

# Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 6:  
Komunidad Ko, Iguguhit Ko



**Araling Panlipunan – Ikalawang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 6: Komunidad Ko, Iguguhit Ko  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Miriam C. Santiago
<b>Patnugot:</b>	Rebecca K. Sotto, Helen G. Laus, Marie Ann C. Ligsay
<b>Tagasuri:</b>	Lily Beth B. Mallari, Angelica M. Burayag
<b>Tagaguhit:</b>	Christopher S. Carreon
<b>Tagalapat:</b>	Rachel S. Dela Cruz
<b>Tagapamahala:</b>	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Robert E. Osongco, Lily Beth B. Mallari, Rebecca K. Sotto

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando  
Telefax: (045) 598-8580 to 89  
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# Araling Panlipunan

Unang Markahan – Modyul 6:  
Komunidad Ko, Iguguhit Ko

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain at aktibidad na makatutulong sa mga mag-aaral upang matukoy ang mga mahahalagang lugar, istruktura, bantayog, palatandaan, simbolo, anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa sariling komunidad at makaguhit ng isang payak na mapa ng sariling komunidad.




Inaasahang maipamamalas ng mag-aaral ang mga sumusunod:

1. natutukoy ang mga mahahalagang lugar, istruktura, bantayog, palatandaan, simbolo, anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa sariling komunidad.
2. natutukoy ang kinalalagyan ng mga mahahalagang lugar, istruktura, bantayog, palatandaan, simbolo, anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa sariling komunidad.
3. nakaguguhit ng payak na mapa ng komunidad mula sa sariling tahanan o paaralan na nagpapakita ng mga mahahalagang lugar at istruktura, anyong lupa at tubig, atbp.
4. nakasusulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa sariling komunidad batay sa ginawang payak na mapa.



# Subukin

**Panuto:** Tukuyin ang simbolong pang mapa na sinasagisag ng bawat larawang nakaguhit. Isulat ang sagot sa hiwalay na papel.






*Balikan*

**Panuto:** Hanapin sa Hanay B ang gawain at tungkulin ng bawat simbolo ng komunidad na makikita sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa papel.

HANAY A



HANAY B

- A. Lugar ng pagtitipon ng mga tao upang sumamba at gumawa ng mga gawaing pang-isperituwal
- B. Dito inuuna ang pagtataguyod, pagbibigay ng sapat na pagkain, edukasyon, tirahan at pananamit sa mga anak ang inuuna.
- C. Dito gumagawa ng mga batas, alituntunin at mga patakaran ang mga namumuno sa isang komunidad.
- D. Dito hinuhubog ang mga mag-aaral sa kabutihang-asal, pag-uugali at aralin.
- E. Dito namimili ng mga pangunahing pangangailangan ang mga tao.
- F. Lugar kung saan ang mga tao ay nagsasama-sama upang malibang.






## Tuklasin

Marami ka na bang napuntahang iba't ibang lugar? Nalibot mo na ba ang iyong sariling komunidad? Ano-ano ang iyong mga nakita?

Masdan mo ang komunidad kung saan nakatira si Ana. Ganito rin ba ang komunidad na kinabibilangan mo?



Marahil ang ilan sa iyong mga napuntahang lugar ay mayroong mga istruktura, bantayog, mga palatandaan, simbolo, anyong tubig at lupa. Ano-ano ang mga nakita mo sa iyong sariling komunidad?

Ngayon, pag-aaralan natin ang mga bagay o kagamitan na maari mong magamit upang madali mong matukoy ang mga kinalalagyan ng ibat-ibang lugar sa iyong komunidad.



Basahin ang maikling tula at sagutin ang bugtong sa ibaba.

**Ano Ako?**  
ni Miriam C. Santiago

Ang mga direksiyon, aking ituturo,  
Sa Hilaga o Timog, saan ka patungo?  
Sasamahan kita upang hindi ka maligaw,  
Sa iyong pagpunta sa Kanluran o Silangan.

Halika kaibigan, tayo ay maglakbay,  
Libutin natin ang ating magandang lugar.  
Komunidad mo'y kilalanin nang iyong mapansin,  
Mga anyong lupa't tubig na nakapaligid sa atin.

Ang mga bantayog, ipapakita ko sa iyo,  
Moog ng mga bayani at sikat na tao.  
Nakikita mo ba ang mga istruktura?  
Palengke at parke, paaralan at Mosque.

Tingnan mo ako, ako'y maraming pananda,  
Madaling intindihin nang matanda at bata.  
Ako'y iyong dalahin sa iyong pagpasok,  
Sa gamit mong *bag*, ako'y iyong isuksok.

***Bugtong:***


Hindi ka maliligaw kung ako'y gagamitin,  
sa iyong paglalakbay ako ay bitbitin. Ano ako?

\_\_\_\_\_




## *Suriin*

Pag-aralan ang mapa ng isang komunidad at ang mga simbolo nito.




Ang mapa ay isang patag na paglalarawan ng lawak ng isang lugar gamit ang simbolo o sagisag na ginagamit upang ilarawan ang mga mahahalagang mga istruktura tulad ng ospital, paaralan, pamilihan, bahay pamahalaan, bahay sambahan, parke, plasa, at mga kabahayan. Naglalarawan din ang mapa ng mga pisikal na kapaligiran tulad ng mga anyong tubig at mga anyong lupa.

Ang mapang halimbawa na nasa itaas ay nahahati sa apat (4) na direksiyon, ito ang **Hilaga** na nakaturo sa itaas, **Timog** na nakaturo sa ibaba, **Kanluran** sa kaliwa at **Silangan** sa kanan. Ang mga direksiyong ito ay tinatawag na mga pangunahing direksiyon na mahalaga sa isang mapa. Madaling tandaan ang mga panandang direksiyon na ito, tumayo lamang na nakaunat ang mga braso at kung ang kanang braso mo ay nakaturo kung saan sumisikat ang araw ito ay ang **Silangan**. Ang kaliwang braso mo naman ay naturo sa lugar kung saan lumulubog ang araw, ito ay ang **Kanluran**, and **Hilaga** ay nasa harapan mo at ang **Timog** ay sa likuran mo.



Bukod sa apat na pangunahing direksiyon, mayroon ding tinatawag na pangalawang pangunahing direksiyon. Pagaralan ang mga guhit sa ibaba.



Ang ikalawang pangunahing direksiyon na makikita sa pagitan ng mga pangunahing direksiyon.

Ang tamang pagbasa sa mga direksiyong ito ay sa pamamagitan ng pagbasa na sisimulan sa dalawang pangunahing direksiyon. Sa itaas ito ay ang Hilaga at sa ibaba ito ay ang Timog, susundan ito ng pagbasa sa Kanluran kung ito ay sa kaliwa at Silangan sa kanan.

Mahalaga ang mga panandang direksiyon na ito upang malaman kaagad ng taong tumitingin sa mapa ang mga lugar kung saan siya pupunta at paano ito pupuntahan.

Mayroong mga pananda o simbolo na sa mapa lamang makikita. Ilan sa mga ito ang mga sumusunod:



bantayog



pamilihan



bundok



paaralan



bahay  
pamahalaan




bulkan



mosque



daan



burol



simbahan



tulay



palayan



pagamutan  
/ ospital



paliparan



ilog




parke



riles



talon



kabahayan




dagat




lawa

Ang mga panandang makikita sa mapa ay simple at madaling tandaan. Ang mga panandang ito ay nakatutulong sa mga taong may hinahanap na lugar sa pamamagitan ng mapa.



## Pagyamanin

**A. Panuto:** Isulat sa patlang ang direksiyon, istruktura, anyong tubig o anyong lupa na tinutukoy sa bawat tanong.



1. Anong istruktura ang makikita sa Hilaga? \_\_\_\_\_.
2. Ito ay anyong tubig na makikita sa Kanluran ng mapa. \_\_\_\_\_.
3. Ang mga kabahayan ay makikita sa \_\_\_\_\_ direksyon.
4. Ang palayan ay makikita sa anong direksiyon?  
\_\_\_\_\_.
5. Anong istruktura ang makikita sa Silangan ng mapa?  
\_\_\_\_\_.

**B. Panuto:** Hanapin sa *crossword puzzle* ang mga panandang ginagamit sa mapa. Gawing gabay ang mga tanong sa ibaba at iguhit ang nahanap na pananda sa kahon katapat ng bawat bilang. Gawin ito sa sagutang papel.

r	i	l	e	s	m	o	r	t	d	r	a	q	e	p	g
h	t	y	u	i	g	f	d	s	g	h	h	g	d	a	s
s	d	f	t	r	g	h	j	k	s	k	g	y	d	l	w
q	w	r	f	k	a	b	a	h	a	y	a	n	d	i	c
v	b	n	f	n	f	s	n	v	x	c	z	c	s	p	f
r	l	a	w	a	t	g	f	c	v	b	n	h	j	a	g
r	f	b	n	h	j	m	h	d	s	h	b	m	d	r	g
w	d	r	t	y	h	j	k	m	b	n	k	g	s	a	r
q	e	r	t	g	m	o	s	q	u	e	f	k	c	n	h

1. Dito sa lugar na ito sumasamba ang mga Muslim kay Allah.

2. Ito ang daanan ng mga tren. Yari ito sa bakal at nakalatag sa lupa.


3. Ito ay anyong tubig na napapa ligiran ng lupa. Madalas itong tubig tabang at hindi umaagos.

4. Dito ang lugar kung saan nakatira ang mga tao sa isang komunidad.

5. Dito lumalapag ang mga eroplano. Malawak at maluwang ito. Maraming eroplano dito.




C. **Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang mga panandang tinutukoy ng mga direksiyon sa mapa.




- 1. Timog \_\_\_\_\_
- 2. Timog Kanluran \_\_\_\_\_
- 3. Kanluran \_\_\_\_\_
- 4. Hilagang Kanluran \_\_\_\_\_
- 5. Hilaga \_\_\_\_\_
- 6. Hilagang Silangan \_\_\_\_\_
- 7. Silangan \_\_\_\_\_
- 8. Timog Silangan \_\_\_\_\_

**D. Panuto:** Ito ang mapa ng komunidad kung saan nakatira si Clara. Sagutin ang mga sumusunod na tanong tungkol sa kanyang komunidad. Gawin ito sa sagutang papel.








- \_\_\_\_\_ 1. Anong istruktura ang makikita sa Silangan ng bahay ni Clara?
- \_\_\_\_\_ 2. Mula sa paaralan, saang direksiyon matatagpuan ang mga palayan?
- \_\_\_\_\_ 3. Mula sa bahay ni Clara, saang direksiyon matatagpuan ang bantayog ni Jose Rizal?
- \_\_\_\_\_ 4. Anong anyong lupa ang matatagpuan sa Timog Silangan?
- \_\_\_\_\_ 5. Mula sa simbahan, saang direksiyon matatagpuan ang parke?






E. **Panuto:** Mula sa paaralan ni Rico, iguhit ang mga istruktura, anyong lupa o anyong tubig na tinutukoy sa bawat direksyon. Gawin ito sa sagutang papel.



1. Iguhit ang ilog sa Silangan ng paaralan.
2. Iguhit ang Bantayog ni Apolinario Mabini sa Hilagang Kanluran ng paaralan.
3. Mula sa paaralan, iguhit ang mga burol sa Timog.
4. Kailangang pumunta ni Rico sa paliparan na nasa Hilagang Silangan ng kanilang paaralan.
5. Mula sa paliparan, kinakailangang pumunta ni Rico sa ospital na nasa Timog kanluran ng kanilang paaralan.

**F. Panuto:** Kumpletuhin ang maikling kwento. Ilagay sa patlang ang mga tinutukoy na istruktura, direksiyon at mga anyong lupa at tubig na matatagpuan sa isang komunidad. Gawin ito sa sagutang papel.


Ako si Carmen. Nakatira ako sa Barangay Asturias, sa Lungsod ng Tarlac. Isang umaga, sinamahan ko si Nanay na bumili ng aming ulam sa  (1) na nasa dulong Hilaga ng aming barangay. Mula sa aming tahanan, tanaw na tanaw ang malawak na  (2) sa Timog kung saan ito ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga tao rito. Sa bandang Timog Silangan naroon ang maliit na  (3) na may mga nakatirang maraming isda. Sa kanluran matatagpuan ang  (4) katabi nito sa Hilagang Kanluran ang  (5) ni Jose Rizal.

Sa Silangan mula sa aming tahanan, makikita mo ang aming  (6) katabi nito ang  (7) kung saan kami ay naglalaro pagkatapos ng eskwela bago kami umuwi. Sa Hilagang Silangan ay naroon ang aming maliit na  (8). Sa likod ng pamilihan sa Hilaga, makikita mo ang  (9) kung saan tuwing Linggo ay punong puno ito ng tao. Sa Timog Kanluran naroon ang  (10) na sambahan ng mga kapatid nating Muslim. Maliit man ang aming komunidad, masaya at nagtutulungan ang mga mamamayang nakatira rito.

**G. Panuto:** Pag-aralan ang mapa. Ibigay ang detalye ayon sa lokasyon ng mga lugar. Isulat ito sa pangungusap na matatagpuan sa ibaba.

Halimbawa:

Ang ospital ay nasa Timog ng mga kabahayan.



1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

**H. Panuto:** Sagutan ang mga tanong na nakasulat sa bawat *arrow*. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Isulat ang pangalan ng iyong komunidad.

2. Isulat ang buong pangalan ng iyong paaralan.

3. Isulat ang pangalan ng pinuno ng iyong komunidad.


4. Ano-anong anyong lupa ang matatagpuan sa iyong komunidad?

5. Ano-anong mahahalagang istruktura ang matatagpuan sa iyong komunidad?



## Isaisip

**Panuto:** Buuin ang *crossword puzzle*. Punan ng mga letra ang mga kahon. Sagutin ang mga tanong pababa at pahalang. Isulat ang sagot sa papel.



Pahalang: →

1. Ito ay patag na paglalarawan ng isang lugar. Ito rin ay ginagamit upang mahanap ang isang lugar na pupuntahan
2. Ito ay pananda upang ituro ang isang bagay, lugar o pook.

Pababa: ↓

1. Ito ay mga estatwa ng mahahalagang tao na may malaking ginampanan para sa bansa.
2. Ito ay mga simbolo na ginagamit sa mapa upang matukoy ang mga mahahalagang istruktura, anyong lupa at anyong tubig.
3. Mga bantayog at mga gusali na makikita sa isang lugar.





## *Isagawa*

**Panuto:** Mula sa mga napag-aralang mga direksiyon at mga pananda na ginagamit sa mapa, iguhit mo ang iyong komunidad mula sa iyong tahanan. Lagyan ito ng mga pananda ng mahahalagang istruktura, anyong lupa at tubig na nakikita mo sa iyong lugar. Lagyan din ito ng mga pangalan ng kalye at direksiyon. Gawin ito sa papel.


### **Rubriks (Pagguhit ng Mapa)**

- 3 pts. - Malinis, maayos at angkop ang mga pananda at direksyon sa pagkakaguhit ng mapa.
- 2 pts. - Malinis at maayos ngunit may mga di-angkop na mga pananda at direksyon sa pagkakaguhit ng mapa.
- 1 pt. - Malinis ang pagkakaguhit ngunit walang simbolo at direksyon ang iginuhit na mapa.



## *Tayahin*


**Panuto:** Mula sa mga napag-aralan tungkol sa mapa, mga direksiyon, pananda o simbolo ng mga mahahalagang istruktura, bantayog, anyong lupa at tubig, sagutin ang mga sumusunod na tanong sa loob ng taluyot ng bulaklak. Gawin ito sa sagutang papel.





## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Pag-aralan ang mapa ng komunidad kung saan naninirahan si Ana. Sumulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa kanyang komunidad. Isulat ang sanaysay sa iyong kwaderno.



### Rubriks (Pagsulat ng Sanaysay)

- 3 pts – Nakasulat ng 1 tamang talata na may 3 pangungusap tungkol sa komunidad.
- 2 pts – Nakasulat ng 1 talata na may 3 pangungusap subalit kulang na kaisipan tungkol sa komunidad.
- 1 pt – Nakasulat ng 1 talata na may 3 pangungusap subalit mali ang kaisipang isinasaad.



# Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p>	<p>Balikan</p> <p>1. D 2. E 3. A 4. C 5. B</p>	<p>Tukasin</p> <p>Bugtong: Mapa</p>	<p>Pagymanhin</p> <p>1. simbahan 2. ilog 3. Hilagang Kanluran 4. Timog Silangan 5. paaralan</p>
<p>B</p> <p>1. Mosque 2. riles 3. lawa 4. bahayan 5. paliparan</p>	<p>C</p> <p>1. palayan 2. kabahayan 3. simbahan 4. bantayog 5. paaralan 6. pamilihan 7. lawa 8. bahay pamahalaan</p>	<p>D</p> <p>1. ospital 2. Timog Kanluran 3. Hilagang Kanluran 4. burol 5. Hilagang Silangan</p>	<p>E</p>
<p>F</p> <p>1. pamilihan 2. palayan 3. lawa 4. bahay pamahalaan 5. bantayog 6. paaralan 7. parke 8. ospital 9. simbahan 10. Mosque</p>	<p>G</p> <p>Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>	<p>H</p> <p>Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata</p>	<p>Iscisip</p> <p>1. mapa 2. direksiyon Pababa: 1. bantayog 2. pananda 3. istruktura</p>
<p>Isgawa</p> <p>Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>	<p>Tayahin</p>	<p>Karagdagan</p> <p>Gawain</p> <p>Maaaring iba-iba ang sagot ng mga bata.</p>	

## *Sanggunian*

- Cruz, Gloria M. Capunitan Charity A. dela Rosa, Emelita C. Arrobang Leo, F. Janda Lerma V. "Mga Sagisag at Simbolo sa Aking Komunidad" "Payak na Mapa ng Aking Komunidad" *Araling Panlipunan, Kagamitan ng Mag-aaral, Baitang 2* (Vibal Publishing House Inc., 2013) 45-56, 69-86.
- Cruz, Gloria M. Capunitan Charity A. dela Rosa, Emelita C. Arrobang Leo, F. Janda Lerma V. "Mga Sagisag at Simbolo sa Aking Komunidad" "Komunidad Ko, Ilalarawan Ko" "Payak na Mapa ng Aking Komunidad" *Araling Panlipunan, Panubay ng Guro, Tagalog, Baitang 2* (Vibal Publishing House Inc., 2013) 15-16, 17-22, 23-24.
- Iconarchive.com. 2020. *City Statue Icon / Ios7 Iconset / Icons8*. [online] Available at:<<http://www.iconarchive.com/show/ios7-icons-by-icons8/City-Statue-icon.html>> Accessed May 10, 2020.
- Talavera, Angelyn D. Romano, Rosalie P. Boboyo, Analiza B. Britanico, Diana B. "Sagisag sa Komunidad", "Mga Mahahalagang Lugar sa Komunidad", "Pagtukoy sa mga Mahahalagang Lugar sa Komunidad", "Paggawa ng Payak na Mapa mula sa Sariling Tahanan o Paaralan". *Araling Panlipunan, Patnubay ng Guro, Bikol, Baitang 2* (Department of Education) 43-44, 48-55, 56-70, 71-81.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)